Nakukuhang Tulong sa Medicare sa Mga Planong Gastos Ng Mga Gamot Na May Reseta

# Life Insurance: Face and Cash Value (Kaseguraduhan Ng Buhay: Ang Tunay at Perang Halaga)

Ang Social Security at mga serbisyo ng Sentro para sa Medicare & Medicaid ay magkasamang nagtu-tulungan upang maikuha ka ng karagdagang tulong sa mga gastos sa iyong may resetang gamot. Upang matiyak kung maaaring may karapatan ka para sa karagdagang tulong na ito, kailangang malaman ng Social Security ang iyong kita at ang halaga ng iyong savings (mga kuwenta), investments (mga pamumuhunan) at real estate (maliban sa iyong tahanan). Kung mayroon kang may hangganang kita at pag-a-aring yaman, ikaw ay baka maaaring makakuha ng tulong sa pagbabayad ng iyong mga buwanang premium, taunang deductible (pagbabawas) at mga kabahaging bayad sa may resetang gamot sa ilalim ng bagong programa ng Medicare na nagsimula noong ika-1 ng Enero 2006.

Ang paghahain ng *Application for Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs—Application para Makatulong sa Mga Planong Gastos ng mga Gamot na May Reseta ng Medicare* (Form SSA-1020) ay makakatulong sa Social Security na tiyakin kung ikaw ay may karapatan. Ang isa sa mga katanungan sa application ay patungkol sa face (harap) at cash (pera) value (halaga) ng mga life insurance policy (patakaran ng seguro ng buhay).

## Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga face at cash value?

Sa katanungang ika-5, ang Social Security ay kailangang malaman kung ikaw (at ang iyong asawa, kung nagsasama kayo sa iisang bubong) ay may mga life insurance policy na may kabuuang pinag-samang face value na mahigit pa sa $1,500. Ang face value ay kapareho ng death benefit—ang kabuuan ng perang na-ibayad kapag ikaw ay binawian na ng buhay. Kung ang isinagot mo sa Tanong ng ika-5 ay “Oo”, dapat mong iulat ang cash value nito—ang ibig sabihin nito ay, ang halaga na matatanggap mo kung nai-cashed mo ngayon na ang iyong life insurance policy—kahit na ito ay mas mababa sa face value. Mahalagang puna: Kung mayroon kang mga hindi pa nababayarang utang laban sa iyong policy, ang cash value mo ay mababawasan.

Ang Social Security ay tatanggapin ang iyong pahayag tungkol sa cash value ng life insurance policy mo at hindi na mangangailangan pa ng ano mang karagdagang kasulatan.

## Lahat ba ng policies ay ibinibilang?

Hindi naman sa ganuon. Kapag napag-tantiyahan kung ang pinagsamang face values (death benefits) ng lahat ng iyong mga life insurance policy ay lampas ng $1,500, **hindi ibibilang ng Social Security ang**:

- Term insurance na walang cash surrender value; o
- Burial (Pang-palibing) insurance sa kadahilanang ang death benefit ay magagamit lamang upang bayaran ang mga gastos sa pagpa-palibing.

## Ang kompanya ba ng insurance ay makakatulong?

Oo naman. Ang mga kompanya ng insurance ay napag-sabihan na ng tungkol sa bagong programang ito ng Medicare sa gamot na may reseta at ipina-alam na rin namin sa kanila na maaari sila ay maka-tanggap ng mga katanungan tungkol sa cash values mula sa mga policyholder o sa mga tao na tumutulong sa mga policy holder na mag-hain para sa karagdagang tulong na ito.

Kung hindi mo alam ang halaga ng cash value ng iyong policy, maaaring kailangan mong makipag-alam sa iyong ahente o kompanya ng life insurance upang makuha ang impormasyong ito.

## Paano ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon?

Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa pag-kuha ng karagdagang tulong sa iyong mga gastos sa may resetang gamot, tawagan ang Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778** o bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***.

Para marami ka pang matutunan tungkol sa plano ng Medicare sa may resetang gamot, tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**) o bumisita sa ***www.medicare.gov***.

w w w . s o c i a l s e c u r i t y . g o v

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10108-TL
Getting Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs
Life Insurance: Face And Cash Values (Tagalog)
March 2006